

Pigilan ang Pagsibol ng Amag


Puwedeng magbigay sa ng sakit ang pagtubo ng amag sa iyong bahay. Puwede kang magkaroon ng baradong ilong o masakit na lalamunan. Puwede ring magpalala sa iyong hika o mga alerdyi ang amag. Mahalagang pigilan ang pagsibol ng amag. Sumisibol ang amag sa mga mamasa-masa at basang lugar. Narito ang ilang tip para mahinto ang pagsibol ng amag sa iyong tahanan:



- **Panatilihing Tuyo ang mga Bagay:** Patuyuin ang mga bagay matapos linisin. Pinamumugaran ng mga mikrobyo at amag ang mga basa at mamasa-masang lugar.
- **Gumamit ng mga Bentilador:** Gumamit ng mga bentilador sa mga mamasa-masang lugar, tulad ng banyo, para mapigilan ang pagdami ng amag.
- **Pagpagin ang Kurtina ng Iyong Shower:** Pagpagin ang iyong kurtina para matanggal ang basa.
- **Tingnan kung may mga Tagas ang Tubo:** Silipin ang ilalim ng lababo sa kusina at banyo. Tiyaking walang tumutulong tubig. Gawin ito sa panahon ng iyong rutinang paglilinis.
- **Gamitin ang Iyong Ilong:** Kung may amoy-amag sa isang bahagi ng iyong bahay - suriin ito. Huwag itong balewalain. Maaaring may tagas ng tubig.
- **Maglinis, Maglinis, Maglinis:** Regular na maglinis gamit ang pinaghalong puting suka at tubig para pigilan ang pagsibol ng amag. Punuin lamang ang bote na pang-isprey ng magkasindami ng puting suka at tubig (isang tasa sa isang tasa) at handa ka nang maglinis!
- **Bantayan ang mga Palatandaan ng Amag:** Kapag naglilinis, maghanap ng mga palatandaan ng amag. Puwedeng maging mukhang batik ang amag. Puwede itong kulay itim o berde. Kadalasan itong sumisibol sa pagitan ng mga tiles o sa lababo.

May Amag? Linisin na Ito Ngayon!

KUMILOS AGAD: Huwag nang maghintay. Puwede itong lumala! Kung may amag sa banyo - sa shower o sa lababo - puwedeng nang panlinis ang pinaghalong puting suka at tubig. Makakatulong din ang pagtututok ng bentilador o pagbubukas ng bintana.



Humingi ng Tulong! Sabihin sa Sumusuporta sa Iyo: Huwag mahiya. Puwede itong mangyari sa kahit na sino. Kung may makita ka o nagdududang may tagas ng tubig - sa ilalim ng lababo, sa shower, sa palibot ng inidoro - dapat maayos muna ang tagas. Kung ikaw ay umuupa, **sabihin sa iyong landlord** ang tungkol sa tagas. Dapat ayusin ng landlord ang mga anumang tagas ng tubig at tumulong sa

Tip Sheet

paglinis ng amag. Kung hindi niya gagawin, baka gusto mong makipag-ugnayan sa lokal na awtoridad sa pabahay para makakuha ng ekstrang tulong.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung paano pipigilan ang amag at kung ano ang gagawin dito, magpunta sa

<http://www.epa.gov/mold/moldguide.html>.